# Kung ang PPSS ay Dumating, MAGTIWALA SA DIYOS

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Bro.Bobby Rodriguez-Elder Founder
Pebrero 11, 2022

Sa buhay, ang **P**agsubok, **P**ag-uusig, **S**uper Bagyo, **S**obrang Hirap **(PPSS)** ay hindi maiiwasan. Madalas, kapag ang PPSS ang dumating, negatibong pag-iisip at takot ang nararanasan natin. Gayunpaman, kapag tayo ay manatili dito, itatanim ng demonyo sa ating isipan ang lahat ng kasinungalingan at gagawin niyang kuta ito. Palagi nating piliin ang magtiwala sa Diyos. Maraming mabubuting bagay ang ibibigay Niya sa atin. "Lumapit kayo sa akin sapagkat madaling pasanin ang aking pamatok at magaan na pasanin ang ibibigay ko sa inyo"(Mt.11:28-30). Ang Kanyang pangako ay nananatili at dapat angkinin natin tuwing tayo ay nahihirapan.

**A. Ano ang Pangako ng Diyos?**

1**.**Lagi Siyang nandiyan, nalilimutan natin Siya kung tayo'y may pagsubok (Isa 43:1-3).
2.Palalakasin Niya tayo (Isa.41:10) Kailangan lang natin Siyang tawagin (Awit 50:15).
3.Iingatan Niya tayo kung tayo ay nagtitiwala sa Kanya (Nahum 4:7). Siya ang kanlungan ng mga inaapi, ang tanggulan sa oras ng kaguluhan (Awit 9:10).
4.Hindi Niya tayo iiwan. Kung tayo'y natatakot, nababalisa at nag-aalala, hindi ito galing sa Diyos. Iwaksi natin ang mga ito agad-agad.
5. Siya ang lumalaban para sa atin. Huwag tayong matakot o panghinaan ng loob (2Cro.20:15).

**B. Ano ang dapat nating gawin kung ang Diyos ang nakikibaka sa ating mga laban?**

**1.Piliin ang pinakamainam**. Magpatotoo sa kabutihan ng Diyos at sa Kanyang mga biyaya (Awit 1:2-3). Punuin natin ang ating isipan ng kaligayahan, kapayapaan at kasaganaan.
**2. Sumulong o bumaligtad** (Awit 119:30) Tayo ang nakakaalam kung anong buhay ang ating tatahakin. Kung mananatili tayong positibo hindi tayo magagapi ng kadiliman.
3. **Bantayan ang laban sa pesimismo**. Lagi tayong listo sa mga taong nakapaligid sa atin na may negatibong pag-iisip (Roma 14:17).
4. **Mamuhay ng may pananampalataya**. "Namumuhay ako ayon sa pananalig sa Diyos, hindi sa mga bagay na nakikita" (2 Cor.5:7).
5. **Baguhin ang ating pag-iisip** (Dt.30:19-20). Ang dakilang regalo ng Diyos sa atin ay ang kakayahang mamili ng ating nais. "Huwag kayong umayon sa takbo ng mundong ito" (Roma 12:2).
**6. Alam ng Diyos ang lahat**. Batid Niya ang lahat ng bagay. Kaya huwag tayong matakot (Isa.41:10).
**7. Maging wagi** (1Cor.15:57). Mamuhay nang matiwasay at maniwala na lagi tayong panalo hindi talo.
**8. Angkinin ang mga pangako ng Diyos.** Tutulungan Niya tayo. "Mapangyayari ang lahat sa may pananalig" (Mk.9:23).
**9.Magpursige**. Huwag manghinawa; huwag tayong susuko (Dt.20:3-4). Huwag magsawang gumawa ng mabuti.
**10.Humayo kasama ang Diyos**. "Tanglaw ko'y si Yaweh, aking kaligtasan, kaya walang takot ako kaninuman" (Awit 27:1).
**11. Laging manalangin, mag-aral, maglingkod sa komunidad.**
**12. Maging matibay**. Hindi mahalaga kung sino ang kalaban. Manatiling positibo, hayaan ang Diyos na gagawa ng paraan.
**13. Kausapin ang ating mga bundok/problema**. "Anuman ang hingin ninyo sa panalangin, manalig kayo na matatanggap nga ninyo" (Mk. 11:23-24).

**Konklusyon**: Mamuhay tayo ng puspos ng espiritu at magsimulang angkinin ang kagalingan, kaligayahan at buhay na binago.

**Pagninilay:**

Anong bundok ang kaharap mo ngayon (karamdaman, problema sa relasyon, pananalapi)? Paano mo kinakausap ang mga bundok na ito?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni:** Sis Nida A. Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis Vera Tuplado
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Paghihirap, #Pagtitiwala, #Mga Pangako ng Diyos